Rhymes at Fingerplays (Laro ng mga Daliri) para sa iyong anak

Tong, Tong, Tong
Tong, tong, tong, pakitong-kitong (tunog)
Alimango, sa dagat
malaki at masarap
mahirap mahuli
sapagkat nangangagat.
tong, tong, tong, tong pakitong-kitong.



Iupo ang sanggol sa kandungan, hawakan ang kanyang kamay at dahan dahan siyang itaas at ibaba habang kinakantahan. Pagdating sa salitang 'Sapagkat', huminto ng saglit at pagkanta ng 'Nangangagat' yakapin at hagkan ang sanggol. Puwede ring gawin pag nakahiga and sanggol. Habang kinakantahan, ilakad na dahan dahan ang mga daliri sa katawan ng bata at pagmasdan ang kanyang reaksyon. Huminto ng saglit pagdating sa 'Sapagkat' at kilitiin ng mahinay sa pagkanta ng 'nangangagat'. Palitan ang tunog tulad ng Boom, Boom Boom pakitong kitong at Ting, Ting, Ting,Ting pakiting kiting..

Isa, Dalawa, Tatlo (Butiki)
Isa, Dalawa, Tatlo...
Apat, lima, anim...
Anim na butiki...
Nagtago sa dilim.

Habang nakahiga ang iyong anak, ipakita ang mga daliri na isa-isa habang nagbibilang na kumakanta. Pagkatapos ng anim, itago ang mga daliri sa likod. Palitan ang pangalan ng hayop at magsimulang muli.

Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligiran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakababakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:

FRP CANADA
707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5
(613) 237-7667 info@frp.ca
1-866-637-7226 www.frp.ca
1-866-6-FRPCAN www.welcomehere.ca
(613) 237-8515 www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog

Laro Tayo?

0-6 buwan

FRP CANADA

Ang laro ay...

- **pagtuklas**
- **pananaliksik**
- **pakikipagugnayan sa mga nakakatanda**
- **paggalaw**
- **paglutas ng mga suliranin**
- **pagsasanay**

Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Mga tips na makakatulong sa iyong anak para matutunan ang kanyang kapaligiran.

Kung nagsisimula ang iyong anak na ibaling ang kanyang ulo tuwing nakakarinig siya ng tunog, patunugin ang laruang music box at ilapit ito sa kanya.

Kung nagsisimula ang iyong anak na humawak ng mga bagay, bigyan siya ng malambot na bola at plastik na bilog at mga laruang may hawakan.

Kung ang iyong anak ay nagsisimulang magpukpok at mangalog ng mga bagay, bigyan siya ng mga kalatog at shakers.

Kung kayang itaas ng iyong anak ang kanyang ulo, padapain siya at iharap sa salamin at kausapin siya tungkol sa kanyang nakikita.

Kung ang iyong anak ay nagsisimulang abutin at hawakan ang mga bagay, pagulungin ang laruang bola patungo sa kanya.



Maglagay ng laruan na musikal at pabiting gumagalaw sa kuna ng iyong anak para maakit ang kanyang interes sa mga pabago-bagong tanawin at tunog.



Bigyan ang iyong anak ng mga bagay na puwede niyang ilagay sa bibig na hindi makakasama sa kanya. Ang pagsubo ay isang paraan ng pagtuklas ng kanyang kapaligiran.

Bigyan ang iyong anak ng malambot na tela o plastik na libro na may mga letrato. Matutuwa siyang tuklasin ang ibat-ibang pakiramdam at tunog nito habang nilalaro niya at isinusubo.

Ang iyong anak ay maaakit sa mga ibat-ibang mukha. Maglagay ng nakangiting mukha kung saan siya pinapalitan ng lampin.

Sa edad na ito, IKAW ang pinakamahusay na laruan para sa kanya!